**Republika ng Pilipinas**
**Lungsod Quezon**
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**(City Council)**

PR98-245

Ika-apat na karaniwang Pagpupulong

RESOLUSYON BLG. SP- 991, S-98

RESOLUSYONG NAG-AATAS NA GAMITIN ANG WIKANG FILIPINO TUWING PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON SA BUONG BUWAN NG AGOSTO TAON-TAON UPANG LALONG IANGAT ANG DIWA NG NASYONALISMO AT BIGYAN DIIN ANG PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA.

---

Iminungkahi nila Konsehal MARCIANO P. MEDALLA, WILMA AMORANTO SARINO, ANTONIO L. SIOSON, VINCENT P. CRISOLOGO, ELIZABETH A. DELARMENTE, GEORGE M. CANSECO, ROMMEL R. ABESAMIS, WINSTON " Winnie" T. CASTELO, MA. FRESCA M. BIGLANG-AWA, GODOFREDO T. LIBAN II, ENRICO S. SERRANO, ERIC REY Z. MEDINA, JORGE L. BANAL, EUFEMIO C. LAGUMBAY, MICHAEL F. PLANAS, JULIAN M.L. COSETENG, ANTHONY C. CASTELO, FERNANDO V. AVANZADO, NANETTE CASTELO DAZA, JESUS "Bong" C. SUNTAY, MARCEL C. RILLO, RAMON G. MATHAY, ALMA "Neneng" F. MONTILLA, BAYANI V. HIPOL, ALMARIO E. FRANCISCO and MARVIN C. RILLO.

---

SAPAGKAT, ipinahayag ng Pangulo ng Pilipinas sa kanyang Proklamasyon Bilang 1041 noong Ika-15 ng Hulyo 1997 na itinatalaga ang buong buwan ng Agosto na Buwan ng Wika;

SAPAGKAT, ang mga lokal na mambabatas ng pangunahing Lungsod ng Quezon ay dapat gumawa o magpakita ng akmang ehemplo na nararapat para sa paggunita ng Buwan ng Wika tuwing Agosto taon-taon at ito ay ang paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng pagpupulong ng Sangguniang Panlungsod at ito ay inaasahan ring pamamarisan ng ibang mga sanggunian sa buong kapuluan ng ating bansa;

NGAYON, SAMAKATUWID

PAGTIBAYIN NAWA NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON SA PAGPUPULONG na ito, na iatas, tulad ng dito'y iniaatas, na gamitin ang Wikang Filipino tuwing pagpupulong sa buong buwan ng Agosto taon-taon upang lalong iangat ang diwa ng nasyonalismo at bigyan diin ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

Pinagtitibay ngayong Ika-18 ng Agosto, 1998.

JORGE L. BANAL
President Pro-Tempore
Pansamantalang Tagapamahala

PINATUNAYAN:

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

mos/mac//*